# DV-120-INFO T Paano Ako Makatutugon sa Kahilingan para sa Kautusan sa Pagpigil ng Karahasan sa Tahanan?

## Nahainan ako ng form DV-100, DV-109, o DV-110. Ano ang ibig sabihin nito?

May humiling ng kautusan sa pagpigil ng karahasan sa tahanan laban sa iyo. Sa mga form, ikaw ang "tao sa (2)" at ang tao na may gusto ng kautusan sa pagpigil laban sa iyo ay nakalista sa (1) sa lahat ng form.

**Form DV-100**: Nasa form na ito ang lahat ng kautusang hiniling ng tao sa (1) sa hukom na iutos.

**Form DV-109**: Ang iyong pagdinig sa korte (petsa ng korte) ay nakalista sa form na ito. Dapat kang dumalo sa pagdinig sa korte kung hindi ka sumasang-ayon sa mga hinihiling na kautusan. Kung hindi ka dadalo, maaaring gumawa ang hukom ng mga kautusan laban sa iyo nang hindi ka dinidinig.

**Form DV-110**: Kung inabutan ka ng form DV-110, nangangahulugan ito na nagkaloob ang hukom ng pansamantalang kautusan sa pagpigil laban sa iyo. Dapat mong sundin ang mga kautusan.

## Ano ang Kautusan sa Pagpigil ng Karahasan sa Tahanan?

Isa itong kautusan ng korte na makatutulong na protektahan ang mga taong inabuso ng tao na nakarelasyon nila, o malapit na kamag-anak. Upang maging kuwalipikado, ang taong humihingi ng kautusan sa pagpigil ay dapat na:

- Tao na karelasyon mo o dating karelasyon
- Asawa, dating asawa, rehistradong domestic partner, o dating domestic partner
- Sinumang kasama mo sa tirahan o nakasama sa tirahan (higit sa roommate)
- Iyong magulang, kapatid, anak, lolo/lola, o apo na kaugnay sa dugo, kasal, o pag-ampon

## Ano ang magagawa ng kautusan sa pagpigil?

Ang kautusan sa pagpigil ay maaaring maglaman ng mga kautusan para sa iyo na:

- Huwag kontakin o saktan ang pinoprotektahang tao, kabilang ang mga bata o iba pang nakalista bilang mga pinoprotektahang tao
- Lumayo sa lahat ng mga pinoprotektahang tao at lugar
- Hindi magkaroon ng anumang armas (baril), parte ng armas, o pangbala. Kabilang dito ang mga homemade o hindi nate-trace na baril, tulad ng mga "ghost gun."
- Umalis sa lugar na tinitirhan mo kasama ang pinoprotektahang tao
- Sundin ang mga kautusan sa kustodiya at mga pagbisita
- Magbayad ng suporta sa bata
- Magbayad ng suporta sa asawa
- Magbayad ng utang para sa ari-arian
- Magbigay ng kontrol sa ari-arian (mga halimbawa: cellphone, kotse, bahay) sa tao na humihingi ng proteksyon.

## Paano kung may mga anak ako sa tao na humihingi ng kautusan sa pagpigil?

Maaaring kasama sa kautusan sa pagpigil ang mga utos para sa iyong mga anak, kabilang ang paglilista sa kanila bilang mga pinoprotektahang tao. Maaari ding kabilang dito ang mga kautusan sa kustodiya at pagbisita sa bata at mga utos upang limitahan ang kakayahan mong maglakbay kasama ang iyong mga anak.

## Gaano kahaba tumatagal ang kautusang ito?

Kung nagkaloob ang hukom ng pansamantalang kautusan sa pagpigil (form DV-110), tatagal ito hanggang sa petsa ng pagdinig. Sa iyong pagdinig sa korte, magpapasya ang hukom kung papalawigin ang kautusan o ipapawalang-bisa ang kautusan. Maaaring palawigin ng hukom ang kautusan nang hanggang limang taon. Ang mga kautusan sa kustodiya, pagbisita, suporta sa bata, at suporta sa asawa ay maaaring tumagal nang higit sa limang taon at hindi matatapos ang mga ito kapag natapos na ang kautusan sa pagpigil.

## Ano ang susunod kong gagawin?

### Bahagi 1: Isuko o ibenta ang mga ipinagbabawal na bagay

Kung may pansamantalang kautusan sa pagpigil laban sa iyo (tingnan ang form DV-110), dapat mong agad na isuko, ibenta, o ipatago ang anumang mga ipinagbabawal na bagay na mayroon ka o pagmamay-ari mo.
Kabilang sa mga ipinagbabawal na bagay ang:

- **Mga armas**, kabilang ang anumang handgun, rifle, shotgun, at assault weapon
- **Mga parte ng armas,** ibig sabihin mga receiver, frame, at anumang bagay na maaaring gamitin bilang o madaling gawing receiver o frame
- Pangbala, kabilang ang mga bala, shell, cartridge, at clips

Pagkatapos, dapat mong patunayan sa korte na sumunod ka sa mga utos. Magdala ng form DV-800/JV-270, *Resibo para sa mga Armas, Parte ng Armas, at Pangbala*, sa nagbebenta ng baril o nagpapatupad ng batas kapag isinuko mo ang iyong mga gamit. Pagkatapos makumpleto ang DV-800/JV-270, ihain ito sa korte. Maaari kang humingi ng impormasyon sa korte kung paano isuko, ibenta, o ipatago ang mga bagay na ito sa iyong lungsod o county. Maaari mo ring basahin ang form DV-800-INFO/JV-270-INFO, *Paano Ko Isusuko, Ibebenta, o Ipapatago ang Aking Mga Armas, Mga Parte ng Armas, at Pangbala?*.

### Bahagi 2: Tumugon sa pamamagitan ng sulat (opsyonal)

Nangangahulugan ang "tumugon" na ipaalam sa hukom at sa kabilang panig kung sumasang-ayon ka o hindi ka sumasang-ayon sa kahilingan para sa kautusan sa pagpigil, at bakit. Opsyonal ang pagtugon sa pamamagitan ng sulat at walang parusa kung hindi mo ito gagawin. Kung kailangan mo ng mas maraming oras upang maghanda para sa iyong kaso, makipag-usap sa abogado o staff ng self-help center bago ka maghain ng tugon.

Kung gusto mong tumugon sa pamamagitan ng pagsulat, kumpletuhin ang form DV-120, *Tugon sa Kahilingan para sa Kautusan sa Pagpigil ng Karahasan sa Tahanan*. Pagkatapos mong kumpletuhin ang form, ihain ito sa korte. Walang fee sa korte para ihain ang form na ito. Pagkatapos, "iabot" ang form sa tao na humihingi ng kautusan sa pagpigil. Nangangahulugan ang "iabot" na ipa-mail sa sinumang edad 18 o pataas ang kopya sa tao na humihingi ng kautusan sa pagpigil. Hindi maaaring ikaw ang magme-mail ng mga papeles mo. Ang tao na magme-mail ng iyong form ay dapat magsagot ng form DV-250, *Pruweba ng Pag-aabot sa pamamagitan ng Mail*. Pagkatapos makumpleto ang form DV-250, ihain ito sa korte.

### Bahagi 3: Maghanda at pumunta sa iyong pagdinig sa korte

Ang iyong pagdinig sa korte ay nakalista sa form DV-109, *Abiso ng Pagdinig sa Korte*. May opsyon kang dumalo sa iyong pagdinig nang personal o sa malayuan (sa pamamagitan ng phone, o videoconference kung available). Para sa impormasyon kung paano dumalo sa iyong pagdinig nang malayuan, pumunta sa website ng korte. Maaaring mangailangan sa ilang korte ng maagang abiso. Sa pagdinig, magkakaroon ka at ang kabilang panig ng pagkakataong sabihin ang pananaw mo sa mga pangyayari. Para sa higit pang impormasyon, basahin ang form DV-520-INFO, *Paghahanda para sa Pagdinig sa Korte ng Kautusan sa Pagpigil*. Kung kailangan mo ng mas maraming oras upang maghanda para sa iyong kaso, maaari kang humingi sa hukom ng bagong petsa ng korte. Ang hukom ang magpapasya kung ipagkakaloob ang kahilingan mo. Basahin ang form DV-115-INFO, *Paano Humingi ng Bagong Petsa ng Pagdinig*, para sa higit pang impormasyon. Tandaan na kung bibigyan ka ng hukom ng bagong petsa ng korte at kung may pansamantalang kautusan sa pagpigil laban sa iyo, karaniwang papalawigin ng hukom ang pansamantalang kautusan sa pagpigil hanggang sa susunod na petsa ng korte.

## Paano kung kailangan ko ng interpreter?

Maaari mong gamitin ang form INT-300 upang humiling ng interpreter o tanungin ang clerk kung paano ka makakahiling nito.

## Paano kung may kapansanan ako at kailangan ko ng akomodasyon?

Maaari mong gamitin ang form MC-410 upang humiling ng tulong. Kontakin ang disability/ADA coordinator sa iyong lokal na korte para sa higit pang impormasyon.

## Kahilingan para sa mga Akomodasyon

Available ang mga assistive listening system, computer-assisted real-time captioning o mga serbisyo ng interpreter ng sign language kung hihiling ka sa hindi bababa ng limang araw bago ang pagdinig. Kontakin ang opisina ng clerk o pumunta sa www.courts.ca.gov/forms.htm para sa Kahilingan sa Akomodasyon ng Kapansanan form MC-410). (Seksyon ng Kodigo Sibil na 54.8.)

## Kailangan ko ba ng abogado?

Posibleng dumaan sa prosesong ito nang walang abogado. Ngunit maaaring magkaroon ng maraming konsekwensya ang pagkakaroon ng kautusan sa pagpigil laban sa iyo at maaaring gustuhin mong kumuha ng abogado. Kung hindi ka kukuha ng abogado, maaari kang makakuha ng libreng tulong mula sa self-help center ng iyong korte.

## Paano kung inaresto ako o may mga kasong kriminal laban sa akin?

Anumang isinulat mo sa iyong mga papeles sa korte o sasabihin sa pagdinig para sa kasong ito at para sa anumang kasong kriminal ay maaaring gamitin laban sa iyo. Makipag-usap sa abogado kung may anumang mga alalahanin ka tungkol sa kung ano ang maaari mong gawin at sabihin.

## Saan ako makahahanap ng self-help center?

May libreng legal na tulong sa self-help center ng iyong korte. Hanapin ang self-help center ng iyong lokal na korte sa *www.selfhelp.courts.ca.gov/find*. Hindi kikilos ang mga staff ng self-help center bilang abogado mo ngunit maaari silang makapagbigay sa iyo ng impormasyon upang matulungan kang magpasya kung ano ang gagawin sa iyong kaso, at tulungan ka sa mga form. Maaari ka ring i-refer ng staff sa ibang mga ahensya na maaaring makatulong sa iyo.

## Paano kung hindi ko susundin ang utos?

Maaari kang arestuhin ng pulis. Maaari kang makulong at magbayad ng multa. Dapat mo pa ring sundin ang mga utos kahit na hindi ka mamamayan ng U.S. Kung nag-aalala ka tungkol sa iyong status ng imigrasyon, makipag-usap sa abogado ng imigrasyon.

## Maaari ko bang gamitin ang kautusan sa pagpigil para makipagdiborsyo o magwakas ng rehistradong domestic partnership?

Hindi. Hindi mawawakasan ng mga form na ito ang iyong kasal o rehistradong domestic partnership. Dapat kang magsampa ng iba pang mga form upang tapusin ang iyong kasal o rehistradong domestic partnership.

## Paano kung gusto kong umalis sa county o estado?

Dapat ka pa ring sumunod sa kautusan sa pagpigil, kasama ang mga kautusan sa kustodiya at pagbisita. May bisa ang kautusan sa pagpigil saanman sa Estados Unidos.

## Paano kung mayroon akong higit sa isang kautusan sa pagpigil laban sa akin?

Kung tatawagin ang pulisya upang ipatupad ang kautusan, kakailanganin nilang sundin ang mga tuntunin sa pagpapatupad (tingnan ang "Priyoridad sa Pagpapatupad" na nakalista sa likod ng form DV-110, DV-130, at CR-160). Kung may mga tanong ka tungkol sa alinman sa mga kautusan laban sa iyo, kontakin ang iyong lokal na self-help center o kumausap ng abogado. Hanapin ang self-help center ng iyong lokal na korte sa *www.selfhelp.courts.ca.gov/find*.

## Paano kung ako ay biktima o nakaligtas sa karahasan sa tahanan?

Ang National Domestic Violence Hotline ay nagbibigay ng libre at mga pribadong tip para sa kaligtasan. Available ang tulong sa mahigit 100 wika. Bumisita online sa *www.thehotline.org* o tumawag sa 1-800-799-7233; 1-800-787-3224 (TTY).

## Paano kung kailangan ko ng kautusan sa pagpigil laban sa taong iyon?

Huwag gumamit ng form DV-120 para humiling ng kautusan sa pagpigil ng karahasan sa tahanan. Para sa impormasyon kung paano maghain ng sarili mong kautusan sa pagpigil, basahin ang form DV-505-INFO. Maaari mo ring tanungin ang clerk ng korte tungkol sa libre o murang legal na tulong.

## Available din online ang impormasyon tungkol sa proseso ng korte

*https://selfhelp.courts.ca.gov/respond-to-DV-restraining-order*



I-print ang form na ito | I-save ang form na ito